# Ginawa ni Allāh ang awa na isang daang bahagi at pinanatili Niya sa piling Niya ang siyamnapu't siyam. Nagpababa Siya sa lupa ng iisang bahagi. Mula sa bahaging iyon nag-aawaan ang mga nilikha hanggang sa nag-aangat ang hayop ng paa nito palayo sa anak nito sa takot na masagi ito.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "Ginawa ni Allāh ang awa na isang daang bahagi at pinanatili Niya sa piling Niya ang siyamnapu't siyam. Nagpababa Siya sa lupa ng iisang bahagi. Mula sa bahaging iyon nag-aawaan ang mga nilikha hanggang sa nag-aangat ang hayop ng paa nito palayo sa anak nito sa takot na masagi ito." Sa isang sanaysay: "Tunay na si Allāh, pagkataas-taas Niya, ay may isang daang awa. Nagpababa Siya mula sa mga ito ng iisang awa sa pagitan ng jinn at tao, at ng mga hayop at mga kulisap. Kaya sa pamamagitan nito nagdadamayan sila, sa pamamagitan nito nag-aawaan sila, at sa pamamagitan nito dumadamay ang mabangis na hayop sa anak nito. Ipinagpaliban ni Allāh, pagkataas-taas Niya, ang siyamnapu't siyam na awa na maaawa Siya sa pamamagitan ng mga ito sa Araw ng Pagkabuhay." Ayon kay Salmān Al-Fārisīy, malugod si Allāh sa kanya, na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: Tunay na si Allāh, pagkataas-taas Niya, ay may isang daang awa. Mula sa mga ito ay isang awa na nag-aawaan sa pamamagitan nito ang mga nilikha sa pagitan nila at siyamnapu't siya para sa Araw ng Pagkabuhay." Sa isang sanaysay: "Tunay na si Allāh, pagkataas-taas Niya, ay lumikha nang araw na nilikha Niya ang mga langit at ang lupa ng isang daang awa: bawat awa ay taklob sa pagitan ng langit hanggang sa lupa. Naglagay Siya mula sa mga ito sa lupa ng isang awa. Sa pamamagitan nito dumadamay ang ina sa anak nito, at ang mga mabangis na hayop at ang mga ibon sa isa't isa. Kapag Araw ng Pagkabuhay, lulubusin Niya ang mga iyon sa pamamagitan ng awang ito."

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

Ginawa ni Allāh ang awa na isang daang bahagi. Nagpababa Siya ng isang awa sa lupa at pinanatili Niya ang siyamnapu't siyam para sa Araw ng Pagkabuhay. Mula sa iisang awang ito nag-aawaan ang mga nilikha, lahat sila, gaya ng tao, jinn, mga hayop, at mga kulisap. Pati na ang inahing kabayong kilala sa kagaanan at pagpalipat-lipat ay umiiwas na umabot ang kapinsalaan sa anak nito kaya nag-aangat ito ng paa nito sa pangambang masagi iyon. Sa pamamagitan nito dumadamay ang mabangis na hayop sa anak nito. Ipinagpaliban ni Allāh, mapagpala Siya at pagkataas-taas Niya, ang siyamnapu't siyam na awa upang maaawa Siya

sa pamamagitan ng mga ito sa mga lingkod Niya sa Araw ng Pagkabuhay. Ang Ikalawang Ḥadīth: Tunay na si Allāh, mapagpala Siya at pagkataas-taas Niya, nang araw na nilikha Niya ang mga langit at ang lupa ay lumikha ng isang daang awa: bawat awa ay pumupuno sa pagitan ng langit hanggang sa lupa. Naglagay Siya ng isang awang dumadamay sa pamamagitan nito ang ina sa anak nito, at nagdadamayan sa pamamagitan nito ang mga hayop at ang mga ibon sa isa't isa. Pagkatapos, sa Araw ng Pagkabuhay ay lulubusin ito ni Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang, sa pamamagitan ng siyamnapu't siyam. Kaya kapag ang nagaganap sa tao na dakilang biyaya ni Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, sa kanya dito sa tahanang itinayo sa mga latak ay dahilan sa iisang awang, papaano ang maiisip sa isang daang awa sa Kabilang Tahanan, ang tahanan ng pananatili at pagganti?"

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4291